Mangilag kayo sa kawalan ng katarungan sapagkat ang kawalan ng katarungan ay dilim sa Araw ng Pagkabuhay

Ayon kay Ibn `Umar, malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu: ((Ang kawalan ng katarungan ay dilim sa Araw ng Pagkabuhay)) Ayon kay Jaber-maalugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu: ((Mangilag kayo sa kawalan ng katarungan sapagkat ang kawalan ng katarungan ay dilim sa Araw ng Pagkabuhay,Mangilag kayo sa pagiging maramot,sapagkat dahil dito kaya nalipon ang mga nauna sa inyo))
[Tumpak sa dalawang salaysay nito] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang dalawang Hadith ay nagpapatunay ng pagbabawal sa kawalan ng katarungan,at ito ay sumasakop sa lahat ng uri ng kawalan ng katarungan.,At sa pagkasabi niya sa dalawang Hadith: "Ang kawalan ng katarungan ay dilim sa Araw ng Pagkabuhay" Ang kahulugan nito ay sunod-sunod na dilim sa gumagawa nito,kung saan ay hindi nakakapag-patnubay ng daan sa Araw ng Pagkabuhay,At sa pagsabi niya sa pangalawang Hadith :(Mangilag kayo sa pagiging maramot,sapagkat dahil dito kaya nalipon ang mga nauna sa inyo) Mayroon pagbibigay babala mula sa pagiging maramot at pagpapahayag naa kapag ito ay lumaganap sa komunidad,ito ang magiging palatandaan ng kasawian,Dahil ito ay kabilang sa dahilan ng kawalan ng katarungan,pang-aapi,pag-aaway at pagdanak ng dugo.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5328